Buong Teksto

LABINDALAWANG MASASAYANG PRINSESA

Ang kwento natin ngayon ay mula sa *Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes* na muling isinalaysay ni Christine S. Bellen at babasahin nina Tara Oppen, Jam Binay, Cholo Ledesma, Ivy Baggao, at Adriane Ungriano.

Noong unang panahon, may isang hari na may anak na labindalawang prinsesang magaganda ngunit mga pilya.

"Ama, nais na po naming magsipag-asawa," wika nila habang nakapalibot sa kanilang ama.

"Madali sana 'yan kung hindi kayo mga dugong bughaw. Saan ako hahanap ng labindalawang prinsipe?" tugon ng hari.

"Kalokohan, Ama, na hindi kami maaring makapag-asawa ng hindi namin kauri. Basta't magiging mabuti asawa at kami'y aalagaan," salo naman ng panganay.

Isang araw, nagsumbong ang utusan ng palasyo sa hari.

"Mahal na hari, lagi pong putikian at gasgas ang mga dulo ng mga sapatos ng labindalawang prinsesa."

Walang maisagot ang hari dahil hindi naman lumalabas ng palasyo ang mga prinsesa. At kahit pa palinisan ng hari ang mga sapatos ay laging ganoon ang nangyayari kinabukasan.

Pinabantayan ng hari ang mga princesa sa kanyang kapatid na infanta. Ngunit nabigo rin ang hari. Kaya't napagkasunduan nilang magkapatid na maghanap ng magbabantay sa mga prinsesa.

Marami ang nagtangkang bantayan ang mga princesa ngunit wala ni isa mang tumagal. Lahat sila ay napapalayas ng hari dahil sa tuwing umaga ay mapuputik pa rin at gasgas ang mga sapatos ng labindalawang prinsesa.

Isang binatang ang pangalan ay Silvio ang nagnais sumubok bilang tagapagbantay ng mga prinsesa.

“Sana ay magkatotoo ang panaginip ko na prinsesa ang aking mapapangasawa,” sabi ni Silvio sa sarili.

“Silvio, mapanganib na mapalayas ka rin ng hari kapag hindi ka nag-ingat sa mga pilyang prinsesa. Ipapatapon ka sa malayong budok,” babala ng isang matandang nakasalubong niya.

Tutuloy pa kaya si Silvio sa palasyo?

“Nagpasya na po akong tumuloy,” buong tapang na sagot ni Silvio.

“Kung gayon ay tanggapin mo ang maliit na butong ito. Kapag pinainom ka ng alak ng mga princesa ay kainin mo ito nang hindi ka makatulog. Ang balabal namang itim ay upang hindi ka makita ninuman kapag itinalukbong mo sa iyong katawan,” bilin ng matanda kay Silvio.

Nagpasalamat si Silvio sa matanda at nagpatuloy na sa kanyang paglalakbay.

Tinanggap ni Silvio ng hari bilang tagapagbantay.

“Walang katorya-torya, mukhang mabilis nating matatakasan,” bulong-bulungan ng mga prinsesa.

“Hala kayo! Tingnan natin kung sino ang mga magtatagumpay sa huli,” bulong naman sa sarili ni Silvio.

Kinagabihan, patulog na si SIlvio sa kanyang silid nang pumasok ang dalawang prinsesa.

“Kaibigang bantay, bago matulog ay umiinom kami ng isang kopitang masarap na alak. Narito ang para sa ‘yo,” sabay abot ng prinsesa kay Silvio ng kopita ng alak.

Magalang na tinanggap ito ni Silvio at pagkatapos ay patagong kinain ang maliit na butong bigay sa kanya ng matanda.

Humiha nang muli si Silvio. Binantayan siya ng dalawang prinsesa hanggang sa marinig nilang naghihilik na ang kanilang tagapagbantay.

“Himbing na himbing na ang hangal. Halika na’t mahuhuli tayo sa sayawan,” nagmamadaling pag-aaya ng isang prinsesa.

Ngunit ang totoo, nagtutulug-tulugan lamang si Silvio.

Sinundan ni Silvio ang labindalawang prinsesang bihis na bihis. Itinalukbong niya ang balabal na itim kaya't walang nakakakita sa kanyang sinuman. Nagdaan ang mga prinsesa sa isang hagdang maliit na natatakpan ng tabla o tinatawag na "escotilla."

Masasayang lahat ang mga prinsesa. Dumaan sila sa ilalaim ng lupa at lumabas sa isang malawak na bukirin. Dito nakatamin ang isang punong ang bunga ay mga brilyante. Pumutol ng sanga si Silvio at itinago sa kanyang balabal.

"May narinig akong pumutol ng sanga," puna ng panganay.

"Guni-gun mo lamang 'yan. Tulog na tulog ang ating tagapagbantay sa palasyo," sabi ng isang prinsesa.

"At bukas ay palalayasin na siya," sunod naman ng isa pa.

Nagtawanan ang mga prinsesa, maliban sa panganay na sa unang kita pa lamang kay Silvio ay tumibok na ang kanyang puso para rito.

Sumakay sa dalawang bangka ang mga prinsesa.

"Bakit tila ang bangka namin ay mabigat?" tanong ng bunsong prinsesa.

"Marahil ay mabigat lamang ang iyong damit," sagot naman ng kapatid.

Umahon ang labindalawang prinsesa sa isang napakagandang hardin kung saan naghihintay ang labing-isang binata. Magdamag silang sumayaw at kumain ng masaarap na pagkain. Ang panganay na prinsesa lamang ang tanging namamasyal mag-isa.

Naunawaan ni Silvio na ang labing-isang binata ay kasintahan ng labing-isang prinsesa. Tanging ang panganay ang walang kasintahan. Ikinatuwa iyon ni Silvio sapagkat itinitibok ng puso niya ang panganay na prinsesa.

Kinaumagahan, galit na galit ang hari nang makitang gasgas at maputik na naman ang mga sapatos ng labindalawang prinsesa. Nagsalaysay si Silvio ng kanyang mga nakita.

Ipinakita niya sa hari ang sanga ng punong namumunga ng brilyante. Hindi makaimik ang labindalawang prinsesang pilya.

Pinagsabihan ng hari ang mga anak ngunit lihim ring natuwa nang malamang may kasintahan na ang labing-isang prinsesa.

Sa pagkakataong ito, nagtapat si Silvio ng kanyang pag-ibig sa panganay na prinsesa.

Hindi tumutol ang hari. Batid niyang aalagaan ni Silvio ang kanyang anak. Hinawakan ni Silvio ang kamay ng panganay na prinsesa at sila'y nagsayaw na magkapareha.

***

Pinagkuhanan: Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Labindalawang Masasayang Prinsesa. Muling isinalaysay ni Christine S. Bellen. 2011. Anvil Publishing.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The LIght of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica
Ang Mahiwagang Biyulin

Tahanan Books

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwentong-bayan

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

Ang Binibining Tumalo sa Hari
Labindalawang Masasayang Prinsesa

The Termite Queen and other Classic Philippine Earth Tales
Volcano of Love and Death

Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani/ Modern Hero Stories (The Bookmark, Inc.)

Edjop: Isang Anak ng Sigwa
Lub-dub, lub-dub (Fil.)
Made Perfect in Weakness
The Public's Servant
Si Lucio San Pedro at ang Makulay Niyang Musika

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo, PhD Ricardo Abad, PhD	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Francesco U. Amante	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adrienne Ungriano Rey Sotto Duane Ligot	*Sound Design and Technical Team*

Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	
Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*
Tara Oppen Jam Binay Cholo Ledesma	*Theater Artists* *(voice actors for the episode)*

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Jaime Jose G Nicdao, PhD	*Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education* *Director for Administration of the Grade School* *Officer-In-Charge, Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*